

# CHAPTER *One*

“My God, Kristina! Kailan ka ba uuwi na hindi amoy-alak?” Ramdam ni Harriet ang pagpipigil sa boses ng mama niya. Her mom was once a popular beauty queen. Ayon sa Lola Betty niya, maaga lang natapos ang career ng kanyang inang si Monica dahil dumating na siya sa buhay nito. Kung hindi dahil sa mga kuwento noon ng lola niya ay wala siyang ideya sa personalidad ng nanay niya. Wala silang strong attachment sa isa’t isa dahil iyon ang pinili niyang mangyari.

“It’s Harriet, Mom, not Kristina. At masanay ka na dapat sa ganito. Simula nang umuwi ka galing US ay ganito na ako kaya nagtataka ako na naninibago ka pa rin hanggang ngayon.” She gave

her mom a quick kiss on her cheek and resumed walking toward the staircase. Ayaw na ayaw niyang tinatawag na *Kristina* ng sinuman. Para sa kanya, napaka-conservative ng pangalang iyon. Hindi iyon akma sa pagkatao niya. She ordered everyone to call her 'Harriet', her second name. Mas komportable siya roon.

Pagkapasok niya sa kanyang kuwarto ay basta niya lang ibinagsak ang katawan sa naghihintay na kama. Hindi na rin niya nagawang tanggalin ang suot sa paa. Gusto niyang ipakita sa mama niya na ito na siya ngayon; hindi na ang limang taong gulang na basta lang nito iniwan noon. Gusto niyang ipakita rito na hindi na siya ang batang iyakin at mahina noon. Gusto niyang iparamdam na hindi na niya ito kailangan.

Kinagabihan, laman na naman si Harriet ng *El Fuego*. Isang bar iyon na madalas niyang puntahan.

"Hey!" tawag-pansin sa kanya ng best friend niyang si Zyve. Bukod sa mga kapatid niya sa ama ay ang lalaki lang ang pinahintulutan niyang maging malapit sa kanya matapos na iligtas nito ang buhay niya noong pitong taong gulang siya. Sa dami ng ginawang kabutihan ng lalaki para sa kanya, marapat lamang na ituring niya itong kaibigan.

“Zyve! Thank you for coming.” Excited na nilapitan niya ang bagong dating at paikot na sumayaw sa harapan nito. She even rubbed naughtily her behind on his crotch. Pero walang malisya iyon para sa kanya. At sanay na rin si Zyve sa kalokohan niyang iyon.

“You’re teasing me again... Kristina.”

“Zyve Damien Villamar! It’s Harriet!” nanlalaki ang mga matang sabi niya.

“Okay... okay, Harriet! But please, stop teasing me, sweetie. I’m your friend but I’m still a human who is capable of having a boner.” Ngumiti ito na naging dahilan para lalong lumabas ang cute nitong dimple sa gilid ng bibig. Hindi kayang itago ng dilim ang guwapong mukha ng kaibigan.

“May sasabihin ako sa ’yo.”

“Ano ’yon?” interesadong tanong ng lalaki na inilapit pa ang tainga sa bibig niya dahil maingay sa lugar na kinaroroonan nila.

“Yours is huge! Ganyan ba talaga ’yan?” she winked and laughed so hard. Kahit madilim ang paligid, alam niyang namula ang kausap. Agad naman siyang hinila nito sa gitna ng dance floor at nakipagsiksikan sa mga sumasayaw roon.

Papikit-pikit na ang mga mata ni Harriet dahil

sa tama ng alak na ininom niya kanina. Hindi siya lasing pero namimigat na ang mga mata niya at kusang pumipikit iyon. Naramdaman niyang may kumiskis ng maselang bahagi ng katawan sa likuran niya at sa pag-aakalang si Zyve iyon ay hinayaan lang niya. Nagulat siya nang nagkagulo sa mismong likuran niya. Biglang nawala ang antok na naramdaman niya kani-kanina lang.

“You go home, as\*hole!” sigaw ni Zyve sa lalaking hawak-hawak ng bouncer na naroon. Nakakuyom ang palad ng binata kaya alam ni Harriet na nagpipigil itong saktan ulit ang lalaking nambastos sa kanya. “Let’s go, Harriet! Lasing ka na!” He held her hand and pulled her.

“Hindi ako lasing, Zyve. Let me go!”

Pero higit na mas malakas ito sa kanya kaya wala siyang nagawa nang bigla siya nitong pangkuin patungong parking lot kung saan nakaparada ang silver *Porsche* nito.

“Bring me back there, Zyve! Tatalon ako dito!” pananakot niya sa kaibigan, pero hindi man lang ito natinag. Engr. Zyve Damien Villamar had this kind of charm that made her weak.

“Wag mo akong subukan, Kristina Harriet. Hindi ka pa lasing? Kaya pala kahit binabastos ka

ng lalaking iyon ay okay lang sa 'yo. P'wede bang bigyan mo naman ng kaunting kahihyan ang sarili mo? Ayokong kausapin ka sa ganitong paraan kasi alam kong lalo ka lang magagalit, but look... Ayoko nang patuloy kang kunsintihin diyan sa katigasan ng ulo mo.” He sighed in resignation.

“You can leave me, Zyve, if you're getting tired of me. I never asked you to be with me every single second of my life. I can live my life alone!”

“Yan! 'Yan mismo ang dahilan kaya ayokong pinagsasabihan ka kasi palagi mo na lang pinapalaki ang maliliit na bagay. Napakaliit lang na bagay nito, pero feeling mo naman inaapi ka. Grow up, Harriet! Hindi ka na bata na magta-tantrums kapag pinagsasabihan kita. It's for your own good, sweetheart. I'm your big bro, you know. Iuuwi na kita. Maraming alak sa bahay. 'Yan lang naman ang ipinag-aalboroto mo.”

Umaliwalas ang mukha ng dalaga dahil sa narinig. Inihilig niya ang ulo sa balikat ni Zyve. It was her way to say sorry and to thank him.



Tulad ng ipinangako niya kay Harriet ay dinala niya ito sa bahay nila at dumeretso sila sa mini bar.

“Stay here, sweetie. Kukuha lang ako ng pulutan.”

“Stop calling me ‘sweetie’! It’s so eww!”

Natawa na lang si Zyve sa reaction ng mukha ng dalaga na parang diring-diri. Hindi siya masisisi kung ganoon siya ka-sweet sa mga kabaro ni Harriet. Nag-iisa siyang lalaki sa tatlong magkakapatid kaya natural na sa kanya ang gumamit ng endearment sa mga kapatid niya; at itinuturing niya si Harriet bilang isa sa mga iyon. Sa tuwing iniisip niyang kapatid lang ang turing niya sa dalaga ay komokontra ang puso niya. May malaking pitak na kasi ito roon.

Pagkatapos ng ilang shots ay napansin niyang nakatulog na ang babae. Nakayupyop ang ulo nito sa gilid ng lamesa at hindi na kumikilos. Hahawiin niya sana ang buhok nitong matingkad na berde, pero agad niyang binawi ang kamay. Paano, para siyang humawak ng kawad sa tigas ng buhok nito.

*Oh, crazy woman!* Hindi na dapat manibago si Zyve sa ganitong bagay. Sa haba ng pinagsamahan nila ni Harriet, dapat alam na niya ang ka-weirdohan nito sa buhay.



“Good morning, Harriet!” magiliw na bati sa kanya ng mama ni Zyve nang maabutan siya nitong nagkakape sa dining room.

“Morning po,” mahinang sabi niya.

“Kumusta ang lakad n’yo ni Zyve kagabi?”  
tanong nito.

“Ayo lang po, Tita,” she answered shortly.

“Mabuti naman. I heard your mom is here.”

“Yes po. Dumating po si Mama three months ago pa.”

“Pasensya na ’ika mo at hindi ko pa siya nadadalaw. Masyado kaming busy sa tahian.”

Tumango lang siya. “Uwi na po ako, pakisabi na lang po kay Zyve.” Halata ang pag-iwas sa boses niya. Ayaw niya lang na gawing topic sa usapan ang mama niya.

“Okay. Mag-iingat ka, anak.”

*Anak.* Kailan nga ba ang huling beses na narinig niyang may tumawag niyon sa kanya?

Hindi na nag-abala si Harriet na kumatok sa pinto pagkarating sa bahay. May sarili naman siyang susi at ayaw niyang abalahin ang mama niya.

Nadatnan niya itong nasa sala at nakade-kuwatro sa pagkakaupo sa sofa. Para itong nasa harapan ng isang photographer. She was still glamorous at age forty-six. Nang tuluyan na siyang nakapasok sa kabahayan ay akmang tatayo ito marahil upang salubungin siya.

“Don’t bother, Mom. It’s a waste of time.” Hindi

na niya pinansin ang pagsuko sa mga mata nito. Ramdam niya ang pagnanais nitong mapalapit sa kanya. Tatlong buwan na itong nasa bansa at sa loob ng mga panahong iyon ay hindi niya man lang sinubukang kausapin ito nang maayos. She knew she was cold as ice and she wanted to remain like that. Sinadya niyang lagyan ng harang ang pagitan nila.

“I’ll be leaving in two days, Harriet,” imporma ni Monica.

“Okay.” Tuluy-tuloy na sana siya sa pag-akyat sa hagdanan patungo sa kuwarto niya, pero muli itong nagsalita.

“Gusto kong sumama ka.”

Nanlalaki ang mga matang nilingon niya ito.

“What? Did I hear it right? Ako, isasama mo sa America?” turo niya sa sarili. “You must be kidding, Ma. No, hindi ako sasama sa ‘yo.”

“At ano ang gagawin mo dito sa Pilipinas? Magwaldas ng pera at magbisyo? Sasama ka sa akin whether you like or not.” Kontrolado pa rin ang tono nito.

“Hindi po ako nagwawaldas ng pera kasi pinagtatrabahuhan ko iyon at hindi n’yo ako mapipilit na sumama sa inyo,” matatag ang boses na sagot niya.



“And why not? I’m your mother, Kristina! At sa ating dalawa, ako ang masusunod. Now, go upstairs and prepare your things!”

Ngayon lang nakita ni Harriet na nagtaas ng boses ang mama niya. Pero hindi man lang siya nagpatinag dito. Padabog siyang umakyat. Pagdating sa silid ay agad niyang hinubad ang kanyang ankle boots na four inches ang taas ng takong at basta lang iyong initsa sa kung saan.

Tumayo siya at lumakad patungo sa closet niya. Agad niyang hinanap ang attaché case kung saan naroroon ang mga importanteng papeles niya. Tama nga siya ng kutob; wala na roon ang passport niya. Talagang gumawa ng paraaan ang mama niya na mapasakamay iyon. Puwes, gagawa rin siya ng paraaan para hindi matuloy ang pagsama niya sa US.

Nag-empake siya ng damit na kakasya sa isang linggo niyang paglalayas.



“Dapat pinagbigyan mo naman ang mama mo. Baka gusto lang talaga niyang bumawi sa mga panahong hindi kayo nagkakasama nang madalas. It’s time, Harriet.”

“It’s time for what, Zyve? Bakit? Noong kelangan ko ang oras at pagmamahal niya nand’on ba siya?”

Every time I got sick, siya 'yong hinahanap ko. Siya 'yong tinatawag ko. Siya 'yong gusto kong mag-alaga sa akin, pero wala siya kasi mas importante sa kanya ang trabaho niya. Matagal ko nang ibinigay sa kanya ang mga oras na noon ay pinapangarap ko na sana maambunan man lamang ako, pero dumating din 'yong point na napagod ako sa paghihintay.

“Ayokong maging istorbo sa buhay niya. Not anymore, Zyve. I can live alone for the rest of my life without bothering someone to stay beside me.”

Zyve fell silent. Ramdam nitong mahirap na talagang ibalik ang loob ng dalaga kanyang sa ina.

“Hey! Hindi ka na nakapagsalita diyan,” puna niya sa pananahimik ng binata.

Bumuntong-hininga ito. “Ganoon na ba kami kawalang-silbi sa buhay mo, Harriet? Nakakatakot 'yang pagiging independent mo. Hindi na ako magtataka kung umabot sa point na balewala na rin ako sa 'yo.”

“Zyve, we are talking about my mom. Bakit ba masyado kang apektado? We are friends, remember that, kaya malabo na iwasan kita. Ikaw lang ang meron ako, Zyve, kaya iki-keep kita, and that's a promise.” Naramdaman naman niya ang relief sa mga mata ng kaibigan.

“Thank you, Harriet. Hindi na kita pipilitin na sumama sa mama mo. Alam ko naman kasi na kahit pilitin kita nang ilang beses ay balewala rin iyon.”

Isang oras pa silang tumambay sa paborito nilang coffee shop bago siya inihatid ni Zyve sa bahay nila. After two days na hindi siya umuwi ng bahay ay tinawagan siya ng mama niya at nakiusap itong umuwi na siya at payag na itong hindi siya sumama sa US.

“Hindi ka ba papasok muna?”

“Okay lang ba?”

Hindi na sumagot ang dalaga, bagkus ay hinila niya ang kamay ng binata at naglakad sila papasok ng bahay.

Nagtaka pa siya nang hindi nadatnan sa sala ang mama niya pagpasok nila. Pero agad din niyang nahulaan na nasa kusina ito dahil sa ingay ng blender na naririnig niya.

“Tara sa kusina.” Nagpunta nga sila roon. “Ma,” tawag-pansin niya sa inang nakatalikod.

“Zyve, hijo!” Nangingislap ang mga mata ni Monica pagkakita sa binata. Bago pa man niya maramdaman na out of place siya ay nagpaalam na siyang aakyat muna sa kuwarto para magbihis.

“Buti na lang nagkita ulit tayo bago ako umalis.

Kumusta ang kaibigan mo?” Alam ni Zyve na si Harriet ang tinutukoy ni Tita Monica.

“She’s doing great, Tita. But I’m so sorry, hindi ko talaga siya makumbinsi na sumama sa ’yo.”

Bumakas ang lungkot sa mga mata ng kausap. “Kelangan nating baguhin ang plano. Thank you for everything, Zyve. Nahihiya na ako sa ’yo. Hindi na ako magtataka kung isang araw ay magsawa ka sa ugali ng anak ko. Hindi ko alam kung bakit gan’on na lamang ang pagtatampo niya sa akin.”

“Hindi po mangyayari na magsawa ako sa ugali ng anak n’yo, Tita. Sobrang malalim na po ang pinagsamahan namin ni Harriet. Para na kaming magkapatid.”

“Kapatid lang ba talaga ang turing mo sa anak ko, Zyve? Wala bang nagbago sa mga nakalipas na taon?”

Bago pa man masagot ni Zyve ang tanong ng mama ni Harriet ay tumambad na sa pinto ng kusina ang dalaga kaya biglang umurong ang dila niya.

“O, siya, mag-dinner na muna tayo bago ka umuwi, Zyve. Nagluto ako ng sinigang na liempo, paborito kasi ’to ni—”

“Let’s eat!” mabilis na sabat ni Harriet. Umupo na ito sa tapat ng lamesa; malayo sa puwesto ng ina.

Nakailang subo lang ang dalaga nang bigla itong tumayo at nagsabing tapos na raw itong kumain. Malungkot na napailing na lamang si Monica.

“Nawawalan na ako ng pag-asa lalo na sa kalagayan ko ngayon. I’m running out of time.” Ramdam ni Zyve ang bigat sa dibdib na nararamdaman ni Monica.

“Tell her the truth, Tita—” tila nangangapang suhestyon ng binata.

“Hindi ko p’wedeng sabihin ang totoo, Zyve. Baka kung ano pa ang isipin niya. Baka isipin niyang nagpapaawa lang ako.”

“Hayaan n’yo po, ako na po ang bahala kay Harriet. Just give me a week or two.”

## CHAPTER *Two*

*N*abubugnot sa loob ng office si Harriet. Akala niya ay magbabago na ang mood niya matapos na libangin ang sarili kagabi sa *El Fuego*, iyon pala ay lalo siyang makakaramdam ng kahungkagan.

Two weeks nang nakaalis ang mama niya. At si Zyve? Isang linggo na itong hindi nagpaparamdam. Kahapon niya pa ito sinubukang tawagan nang tawagan, pero laging operator lang ng network ang bumubungad sa kanya.

*What happened to him?* Sobrang nag-aalala siya sa kaibigan.

Kinagabihan, hindi na nakatiis ang dalaga kaya pinuntahan niya ang kaibigan sa bahay nito, pero

nabigo lang siya nang sabihin ng mama nitong isang linggo na ring hindi umuuwi ang binata at ang tanging paalam lang daw nito ay may out-of-town project ito. Company engineer ang kaibigan niya kaya madalas itong wala sa opisina.

Pero ngayon lang nangyari na hindi ito nagpaalam na may bago itong project. Hindi niya maiwasang mag-alala para sa lalaki at magtampo at the same time. Pakiramdam niya, ibang tao siya para kay Zyve. Gaano ba ito ka-busy para hindi man lang siya mai-text o matawagan kahit saglit lang?

Hindi na siya sanay na hindi nakikita ang lalaki.



“Hindi na ako natatakot na mawala kasi alam ko naman na may maiiwanan na ako kay Kristina,” malungkot na nagsalita si Monica.

“Bakit hindi na lang po kayo bumalik sa US? Nandoon ’yong magagaling ninyong doktor,”

“Ayokong bumalik doon na hindi ko kasama ang anak ko. Gusto kong sa huling pagkakataon ay makapagpaalam ako sa kanya nang maayos na aalis na ako at hindi na muling babalik.”

“Tita, gagaling pa po kayo—”

“Stage four na ang breast cancer ko, hijo. Imposibleng malagpasan ko pa ito. Ang rason lang naman kung bakit gusto ko siyang isama doon ay para makita niya kung ano ang totoong buhay ko doon—na ang nanay niya ay nag-oopisina sa araw pero muchacha sa gabi.” Hinubad ni Monica ang suot na wig at ipinatong iyon sa center table sa sala. Nasa isang vacation house sila sa Antipolo.

Walang namutawing salita sa bibig ni Zyve. Pulos awa na lang ang nararamdam niya para sa ina ng kaibigan. Kapag nakita kaya ito ni Harriet sa ganitong kalagayan, maaawa kaya ang huli? Magbabago kaya ang damdamin nito para sa nanay nito? Kailangan niyang kumilos bago pa mahuli ang lahat.



Kalalapag lang niya ng bag sa sofa nang marinig niyang tumunog ang doorbell. Mabilis siyang bumalik sa pinto at sinilip sa peephole kung sino ang tao sa labas. Si Zyve ang naroon.

“Butinaman naisipan mo pang magparamdam.”

“Harriet, may pupuntahan tayo.”

“May mapapala ba ako sa pupuntahan natin? Siguraduhin mo lang na hindi masasayang ang weekend ko, kung hindi ay lalo akong magtatampo



sa 'yo."

"Oo naman," labas sa ilong na sagot ng binata. Hindi ito sigurado sa magiging reaksyon ng dalaga mamaya pagdating nila sa pupuntahan.

"So, let's go." yakag niya.

Nang nasa sasakyan na sila ay may napansin si Harriet. Palabas sila ng National Capital Region.

"Luluwas pala tayo ng Manila. Sana sinabi mo para nadala ko ang camera."

"Sorry. Nakalimutan kong sabihin."

Binuksan niya ang bintana ng sasakyan at nag-enjoy na panoorin ang paligid. Natutuwa siyang pagmasdan ang berdeng kapaligiran. Nagbibigay iyon sa kanya ng peace of mind, pero mayamaya ay lumungkot ang mukha niya na hindi pala nakaligtas sa pansin ni Zyve.

"What's wrong?"

"Naalala ko lang ang probinsya natin. Halos dekada na rin ang lumipas. Maayos pa kaya ang bahay? 'Yong mga halaman na tanim ni..." Tumingala saglit si Harriet upang pigilan sa pagbagsak ang namumuong luha. "'Y-yong mga tanim kaya ni Lola, nandoodon pa?" Yumuko siya at pasimpleng tinuyo ang mga mata.

"Maayos ang lahat, Harriet. Maliban sa bahay

na nagkaroon ng konting sira noong hinagupit ng bagyo.”

“Si Tiya Cedes, kumusta siya?” garalgal na ang boses na tanong niya sa lalaki. Hindi niya maintindihan kung bakit biglang naging interesado siyang pag-usapan ang mga taong parte ng kanyang nakaraan.

Ilang beses nang pabalik-balik ng probinsya nila si Zyve, pero iniwasan nitong magkuwento dahil iyon ang gusto niya.

“Si Tiya Cedes? Maganda at maasikaso pa rin tulad ng dati. Kinukumusta ka nga niya tuwing umuuwi ako.” Tinatanya nito ang mga sasabihin. Ayaw kasi nitong biglain ang dalaga.

“Okay.”

“Uhm... wala ka bang balak umuwi doon?”

“Hindi ko alam. Baka sa susunod na summer.” Wala mang kasiguruhan sa sinabi niya, pero lingid sa kaalaman niya ay nagbigay iyon ng tuwa sa puso ng binata.

“Nandito na tayo.” Humimpil ang sasakyan sa harap ng isang bungalow style na bahay. May nakatanim na dalawang pine tree sa magkabilang dulo na lalong nakadagdag sa magandang landscape ng garden.

“Kanino bahay ’to?”

“Sa isa kong tiyahin na nasa ibang bansa. Naikuwento ko na ’to sa ’yo noon, di ba?”

“Hindi ko na maalala.”

“Ikaw na ang mag-drive. Bababa lang ako para buksan ang gate.”

Ilang sandali pa’y kinuha na ni Zyve ang dala niyang gamit sa likurang bahagi ng sasakyan.

Sabay silang nagtungo sa front door at kumatok. Pinagbuksan sila ng babaeng nasa mid-twenties ang edad. Maganda ito at maputi.

“Lorraine, ang Tita?”

“Nasa kuwarta, nagpapahinga na.”

“Okay. Nakainom na ba siya ng gamot?”

“Tapos na. Pinainom ko na rin ng paracetamol at may sinat.”

“Sige. Pupuntahan na lang namin mamaya.”

“Zyve, may pagkain diyan. Ipaghahanda ko ba kayo?”

“No, kami na ang bahala. Magpahinga ka na. Salamat.”

“Sino ’yon?” baling ni Harriet kay Zyve na iginigiya siya papuntang kusina.

“Si Lorraine, kaibigan kong nurse na galing ibang bansa.”

“Kaibigan? Hindi kamag-anak?”

“Kaibigan lang.”

“Eh, bakit nandito siya?”

“Gutom na ako. Kumain na tayo,” sa halip ay tugon ng binata. Ilang sandali pa’y kumakain na sila. “Try mo ’tong ginisang ampalaya. Masarap,” alok nito sa dalaga. Nakita kasi nitong porkchop lang ang pinapapak niya.

“Ayoko. Mapait ’yan, eh.”

“Hindi siya mapait, promise. At saka magaling talaga magluto si Lorraine.”

“Ginisang ampalaya lang, magaling na agad?”

“Nope, marami siyang alam lutuin.”

“Whatever!” Halata sa boses niya ang disgusto.

“Hindi lang naman siya magaling sa pagluluto, pati rin sa pag-aalaga ng maysakit. Bata, matanda, may kapansanan—”

“Zyve, ano ba? Isinama mo ba talaga ako dito para pagkuwentuhan natin ang achievements ng kaibigan mo?”

“I’m sorry, I didn’t mean to offend you.”

Hindi siya sumagot, bagkus ay ipinagpatuloy niya ang pagkain at agad na tumayo nang matapos. Mayamaya ay sinundan siya ng binata sa balkonahe ng bahay.

“Sorry. Galit ka pa rin ba?” tanong nito.

“Sorry din kung ganoon ang reaksiyon ko. Pagod lang siguro ako,” sagot niya at bumuntong-hininga.

“Gusto mo ng kape?” Tumango si Harriet at nginitian ito. Alam na alam talaga nito kung paano paglulubagin ang kalooban niya. Ilang saglit lang ay may dala na itong dalawang tasa. Alam na niyang tsaa ang para sa lalaki.

“Thank you.”

“Welcome.”

Halos nakakalahati pa lang nila ang iniinom nang bigla silang makarinig ng kalabog. Naunang tumakbo si Zyve at tinungo nito ang isang pinto.

“Ano’ng nangyari, Rain?”

“Nahulog ’yong plastic bowl na sinusukahan niya.” Nakadapa sa kama si Monica habang ang ulo nito ay nakalawit sa gilid ng higaan habang nagsusuka; iyon ang eksenang inabutan ni Harriet.

“Ano’ng nangyari, Zyve?” Sakto namang hirap na nag-angat ng ulo si Monica. Nanlaki ang mga mata niya. “Mama? Zyve? Ano’ng ibig sabihin nito?” sigaw niya.

Parehong tahimik sina Lorraine at Zyve habang inaalalayang makahiga nang maayos ang

ina niya.

“So, walang gustong sumagot sa inyo?”

Doon lang umimik si Zyve. “Obviously, your mom is sick. She’s dying, Harriet!” Blangko ang mukha nitong nakatingin sa kanya.

“She’s dying?” Hindi siya makapaniwala sa narinig. “Mamamatay ka na, Ma, pero wala akong alam? Hanggang kelan n’yo balak ilihim sa akin ang lahat? O may balak ba kayong sabihin sa akin? Oo nga pala, wala talaga kayong kayong balak na sabihin kasi nga gusto n’yo akong pumunta ng US, di ba? Para nga naman kapag namatay kayo ay hindi ko iyon malalaman kasi nasa malayo ako at ikaw, nagtatago dito! Mauulila na lang ako’t lahat-lahat, pero wala akong kaalam-alam?”

“You’re unfair, Ma! And I really hate you for that! Bakit napakamakasarili mo pagdating sa akin?” Matinding sama ng loob ang nararamdaman niya. Para siyang bulkan na bigla na lang sumabog.

“Kristina, anak, I’m so sorry. Alam kong makasarili ako. Alam kong ipinagdamot ko ’yong mga oras ko sa ’yo, pero lahat ng iyon ay ginawa ko para sa ’yo, anak. I’ve been working hard just to give you everything.

“Naaalala mo pa ba noong maliit ka pa na

kapag may mga bagong laruan ang mga kalaro mo ay nalulungkot ka? At umuuwi kang umiiyak? Ako ang higit na nasasaktan kasi nanay mo ako. Hindi ko kayang makita na nalulungkot ka. Na kahit hindi mo sabihin na gusto mo ng bagong laruan o kaya damit, ramdam ko ang pagnanais mo na magkaroon ng mga ganoong gamit.

“Dahil doon kaya pinili kong iwanan ka at magtrabaho sa malayo para lang maibigay ko lahat ng gusto mo kasi alam kong magiging masaya ka. Wala akong maasahan noon sa iyong ama,” nanghihinang wika ni Monica habang patuloy na naglalandas sa magkabilang pisngi ang luha nito. Sapat na iyon upang tuluyang matibag ang pader na ibinakod ni Harriet sa sarili.

Marahan siyang naglakad hanggang sa nasumpungan niya ang sariling mahigpit na nakayakap sa pinananabikang ina. Manipis na ang katawan ng mama niya; wala na ang dating ningning na taglay ng mga mata nito. Wala na ang dating matamis na ngiti sa mga labi nito. Bakit ba hinayaan nilang maging huli na ang lahat? Hinaplos niya ang pisngi ni Monica.

“Maganda ka pa rin, Ma. Ikaw ang pinakamagandang babae para sa akin. Ikaw pa

rin ang number one beauty queen ng buhay ko.” Dahil sa sinabi niya ay higit na naging mapait ang ngiti ng kanyang ina. At hindi niya kayang pawiin ang sakit na nararamdaman nito. Huli na ang lahat para magsisi pa siya. “Sorry sa lahat, Mama. Sorry kung tiniis kita sa napakahabang panahon. Sorry kung ang tigas-tigas ng puso ko sa ’yo. Sorry, Ma...”

“Shh... wala kang kasalanan. ’Wag mo nang sisihin ang sarili mo. Patawarin mo rin ako, anak.”

“Dadalhin ka namin sa ospital. Maghahanap kami ng doctor na magpapagaling sa ’yo.” Mabilis na humawak ito sa kamay niya.

“Wag na. Pagod na pagod na ako, anak. Hindi ko na kakayanin ang chemotherapy. Dalhin n’yo na lamang ako doon sa lugar na paborito mong puntahan noong maliit ka pa. Gusto kong ipasyal mo ako roon.”

Bumakas ang pag-aalala sa mukha ng dalaga. “Kaya n’yo pa ba, Ma?”

“Kayang-kaya ko pa. Sige na, matulog ka na at maaga pa tayong aalis bukas.

Maagang gumising si Harriet kinabukasan para ihanda ang mga dadalhin nilang gamit at baon. Nasa kusina rin si Lorraine para tulungan siya.



“Thank you nga pala sa pag-aalaga sa mama ko,” unang mga salitang lumabas sa bibig niya.

“Okay lang, trabaho ko iyon.” Hindi niya alam pero parang nagpapasaring ang nurse.

“Gaano mo na katagal na inaalagaan si Mama?”

“Simula nang ma-diagnose siya na may cancer, ako na ang nagmo-monitor sa pag-inom niya ng gamot. Kapag may chemotherapy siya, ako ang sumasama. Iisa lang kasi ang boss namin sa US kaya walang hassle ’yon sa akin.”

Napaisip siya na parang ang layo yata ng trabaho ni Lorraine sa trabaho ng mama niya, nurse ang una samantalang si Monica ay nagtrabaho sa garments company. Pero hindi na siya nag-abalang mag-usisa.

Isinara na niya ang picnic basket matapos na ipasok lahat ng baon nila. Nauna nang lumabas ng kusina si Lorraine. Paglabas niya ng kusina ay nakita niyang nasa sala na ang mama niya at nakasakay na sa wheelchair nito. Matamis na ngumiti ito sa kanya.

“Let’s go!” pukaw sa kanila ni Zyve. Bagong paligo ang lalaki at hindi maiwasang titigan ito ni Harriet. Ito ang nagtulak sa wheelchair ni Monica.

“Mommy, I want that! That also!”

Natutuwang pinagmamasdan ni Harriet ang batang turo nang turo sa mommy nito ng gustong ipabili. Naroon sila sa *Enchanted Kingdom* kaya karamihan ay mga bata ang nasa paligid.

“Ganyan na ganyan ka noong maliit ka pa, anak.” Sumilay ang malungkot na ngiti sa mukha ni Monica.

Saglit siyang humiwalay sa mga ito at lumapit sa isang tindero ng lobo. Pinili niya ang isang pink balloon. Mabilis siyang bumalik sa kinaroroonan ng mama niya. Nagtaka ang huli nang iabot niya ang balloon dito.

“Happy Mother’s Day, Mama. Para ’yan bukas.” Kung hindi pa sa mga poster na nababasa niya sa loob ng *Enchanted Kingdom* ay hindi pa niya maaalala na Mother’s Day na pala kinabukasan. Lumipas na ang napakahabang panahon simula nang huling binati niya ang ina.

“Salamat, anak.” Magkahalo ang pait at tamis sa mga ngiti nito. Nababasa niya sa mga mata nito na marami itong gustong sabihin, pero mas pinili ng ina na ngumiti lamang sa kanya. Bandang alas tres ng hapon ay nagyaya na ang mama niya na umuwi na.

## CHAPTER *Three*

*H*abang nasa biyahe ay napansin nilang nilalagnat ulit si Monica. Hindi man aminin ni Harriet ay sobra siyang nasasaktan sa kalagayan ng ina. Kung puwede nga lang na akuin niya lahat ng nararamdaman nito.

“Gusto kong i-surprise si Mama bukas.” Nasa balcony ulit sila ni Zyve. Nang masigurong ayos na ang kanyang ina ay lumabas na siya sa kuwarto.

“Sabihin mo lang kung ano ang mga kelangan at ako na ang mamimili,”

“Hindi ka pa rin ba babalik ng Manila?”

“Sunday pa lang bukas at p’wede naman akong umalis dito kahit madaling-araw nang Lunes.”

“Thank you, Zyve.”

“Thank you for what? Pinatay nito ang hawak na sigarilyo sa ashtray saka bumaling sa kanya.

“For always being here beside me.”

“Wala iyon. We’re friends, right?”

“Yeah, we’re friends.” Matabang na ngumiti siya sa lalaki at dahil malamlam ang ilaw kaya nagawa niyang itago kay Zyve ang lungkot na naramdaman.

“Nandito ako habang-buhay para sa ’yo.” Kinabig siya ng binata at isinandal siya sa matipuno nitong dibdib habang hinahaplos ang buhok niya. “Ano ba ’yang pinaglalagay mo sa buhok mo? Bakit ang tigas?” Hinampas niya ang lalaki sa hita nito.

“Buhok ko na lang lagi ang napapansin mo! Ang tagal-tagal nang matigas niyan at palagi mo na lang pinupuna.”

“Kasing-tigas mo!” pasaring nito.

Inirapan niya ito na pinagtawanan lang din siya.

“Anyway, ikaw, kelan ang balik mo ng Manila?”

“Sa Monday pero magpa-file lang ako ng leave para mabantayan ko muna si Mama. Gusto kong nasa tabi niya ako habang nandito pa siya.”

“Handa ka na ba, Harriet?” nananantyang tanong sa kanya ni Zyve.

“Wala na naman akong magagawa, di ba? Hindi ako Diyos na p’wedeng alisin ang sakit

niya. Nakakalungkot lang isipin na kung hindi pa nagkasakit si Mama siguro hanggang ngayon, tinitikis ko pa rin siya. Pakiramdam ko, ang sama-sama ko bilang anak. Ngayon ko kailangan 'yong pagiging bato ng puso ko para sana hindi ako nasasaktan sa tuwing nakikita ko siya.

“I love her, Zyve. I love my mom so much at hindi ko kayang isiping iiwan na niya ako. Iiwan na niya ako ulit at kailanman hindi na siya babalik.” Humagulhol siya sa balikat ng kaibigan.

“Shh... Alam kong matatag ka. At kakayanin mo ang lahat. Nandito ako lagi para sa 'yo.”



Araw ng Linggo.

Abala si Harriet sa pag-aayos para sa ihahandang party para sa kanyang ina. Nakaalalay naman sa kanya si Lorraine para tulungan siya sa mga gagawin.

“Okay lang ba kayo dito?” Dumungaw si Zyve sa kusina. Pawisan ito dahil sa pagbubuhat ng kung anu-ano. Ito kasi ang in-charge sa pag-aayos ng mga lamesa at upuan sa garahe.

Kahapon pa lang ay kinontak na niya ang mga kamak-anak sa Bicol at nangako naman ang mga ito na darating ngayong araw. Sa una ay gulat na gulat pa ang Tiya Cedes niya sa natanggap na imbitasyon

galing sa kanya.

Hindi niya itinatanggi na noong maghiwalay ang mga magulang niya ay mas higit na malapit siya sa pangalawang asawa ng ama. Nang nasa high school na siya ay umalis na siya sa probinsya dahil nagkasamaan sila ng loob ng papa niya. Subalit naayos naman agad nila iyon, pero hindi na niya binalikan ang dating buhay sa probinsya.

Malapit nang mag-alas-diez ng umaga nang dumating ang madrasta at tatlong kapatid niya na sina Hope, Hilary at Hunter.

“Kumusta ka, Tiya Cedes? Lalo ka po yatang gumaganda, ah.”

“Paborito mo pa rin akong purihin. Pero mas maganda pa rin ang iyong ina.” Sabay silang napabungisngis.

Ramdam ni Harriet na nagbago na siya. Dati-rati kasi ay lagi niyang ipinagdidiinan na mas maganda ang Tiya Cedes niya kaysa sarili niyang ina.

“Na-miss ko po kayo, Tiya.” Ilang segundo siyang humilig sa dibdib nito.

“Ikaw lang naman kasi itong matiisin at ayaw umuwi. Nami-miss ka na ng mga halaman doon,”

“Cedes, kumusta ka?” basag ang boses na tanong ni Monica. Sa halip na sumagot si Cedes ay

nakatulala lang ito bago niyakap nang mahigpit ang ina ni Harriet.

“Magpagaling ka, ha? Happy Mother’s Day.” Iyon ang tagpo na ni minsan ay hindi niya inisip na mangyayari sa dalawang babaeng importante sa buhay niya.

“Happy Mother’s Day, too.” Nagpalitan ng matamis na ngiti ang dalawa.

“Pasok na muna tayo. Hindi pa namin tapos ilagay sa food tray ’yong mga pagkain. Paparating na rin po si Tita Susan.”

Bago magtanghali ay nailabas na nila lahat ng pagkain. Kompleto na rin sila. Dumating na rin si Tita Susan at kasama nito ang dalawang anak na sina Lianne at Lyka.

“Bago po natin umpisahan ang simpleng salosalo na ito ay magpasalamat po tayo sa Panginoong Maykapal.” Pagkatapos umusal ng maikling panalangin ay inalok na ni Harriet na magsipagkain na mga ito.

Siya ang personal na nag-asikaso sa mama niya. Hinayaan niyang makapag-bonding si Lorraine at mga kapatid ni Zyve na nalaman niyang magkakaibigan din ang mga ito. May parte ng puso niya ang nanaghili sa closeness ng mga ito. Ibinaling

niya na lang ang buong atensyon sa ina.

“Iwanan mo na ako dito, anak. Kaya ko naman, eh,” pagtataboy sa kanya ni Monica na masayang nakangiti habang nag-e-enjoy ang mga bisita nila sa palaro na ang kinuha niyang emcee ang nagplano. Paglapit niya ay tamang-tama naman na patapos na ang naunang laro at nagse-set na ulit ng panibago.

Hindi niya alam kung ano ang tawag sa bagong game na iyon kaya nakinig na lang siya sa emcee.

“Get your partner and let us start the game. Ganito po, kapag sinabi kong hawakan ang ilong, bale, hahawakan n’yo ’yong body parts ng partner n’yo na sinabi ko. Maliwanag po ba?” Lahat sila ay sabay-sabay na sumagot ng Yes.

“So makinig po nang maigi at meron po tayong naghihintay na premyo na galing sa magigiting na mommies!”

Siya agad ang nilapitan ni Zyve bilang kapareha. Nag-umpisa ang laro at unang natanggal ang isa niyang kapatid na si Hope at ang kapareha nitong si Lyka. Habang pakonti nang pakonti silang natitira ay lalong naghihiyawan ang mga naroroon.

“Go, Ate!” sigaw ni Hope.

“Go, Kuya! Galingan n’yo ni Ate Harriet!” sigaw naman ni Lyka na hindi magkamayaw sa kaka-cheer



sa kanila. Dalawang pareha na lang silang natitira. Siya at si Zyve, si Lorraine at ang nakababatang kapatid niyang si Hunter.

“Hawakan ang...” pambibitin ng emcee. “Hawakan ang puso ng partner n’yo!” Sigawan ang mga kapatid niya at lalo na ang mama niya. “So, judges, alam na kung sino ang nanalo, right?”

Ramdam na ramdam ni Harriet ang malakas na tibok ng puso ni Zyve habang nakalapat ang kamay niya sa dibdib nito. At sa unang pagkakataon, nakaramdam siya ng pagkailang sa lalaki.

“Congratulations kina Miss Harriet at Sir Zyve! At dahil kayo ang nanalo, may premyo kayong one-week trip to El Nido, Palawan.” Mas lalong nagkaingay ang lahat.

“Wow! Nakakainggit naman!” narinig niyang sabi nina Hope at Hilary.

Pagkatapos ng party ay nagbalot na si Harriet ng mga natirang pagkain. Matapos niyang gawin iyon ay nanlalatang hinila niya ang upuan na nasa ilalim ng lamesa. Napayupyop siya at iyon ang inabutan ni Zyve.

“Tired?” Napaunat siya at deretsong tumingin sa binata.

“Yeah. Nakakapagod pero masaya naman

ako kasi masaya si Mama. Walang katumbas na kaligayahan iyon para sa akin.”

Tumango muna ang lalaki bago nagsalita, “Gagamitin ba natin ’yong gift check natin papuntang Palawan?”

“Wala akong time, Zyve. Nakikita mo naman, kailangan kong nasa tabi ni Mama. She needs me. I’m sorry.”

“Ano ka ba? Naiintindihan ko iyon.”

“P’wede ka namang pumunta, eh. Maghahanap ka nga lang ng makakasama mo kasi pangdalawang tao ’yon.”

“Hintayin na lang kita kong kelan p’wede ka na.”

“Sige, ikaw ang bahala.”

“You want coffee or milk?” tanong nito.

“Gatas na lang. Kelangan kung makatulog nang maaga. Thanks.”

“Okay.” Tumalikod ang lalaki upang magtimpla ng inumin at pagbalik nito ay may dala na itong dalawang tasa.

“Thanks, Zyve.”

“Walang anuman, mahal na prinsesa.” Pilyong ngumiti ito sa kanya na tinaasan niya lang ng kilay.

“Himala! Kape ’yang iinumina mo at hindi tsaa.”

“May gusto akong pagpuyatan ngayong gabi,”

makahulugang saad ng kaibigan. Na hindi niya binigyang-pansin dahil pinagtuunan niya ng atensyon ang gatas na iinumina niya. Gusto na niya kasing humiga na agad.

“Welcome back, Kristina!” Natigilan siya sa ibinulalalas ni Zyve.

“Huh?”

“Nagbalik ka na. At sobrang masaya ako.” Sa kauna-unahang pagkakataon ay hindi siya kumontra na tinawag siya nito sa first name niya.

“Ako pa rin ito... ang kaibigan mong sutil.”

“Minahal ko na ’yang pagiging sutil mo. Si Kristina ka man o si Harriet.”

“Mahal din naman kita, Zyve. Si Zyve ka man o si Damien,” pabirong panggagaya niya sa lalaki. “Mauuna na ako. Inaantok na talaga ako. Basta sabay na tayo paluwas ng Manila bukas, ha?”

“Sige. Good night.”

“Good night too, Zyve.” Iniwan na niya ang binata upang magtungo sa silid.



Kinabukasan, maagang bumalik ng Maynila ang magkaibigan. Nagtungo na rin sa opisina si Harriet.

Pagkarating niya sa bahay nila nang gabing iyon ay agad niyang tinawagan si Zyve. Sinabi niya

rito na babalik siya bukas ng umaga sa Antipolo. Naaprubahan na ang hiningi niyang vacation leave. Babalik din agad sila ng Manila kinabukasan.

Gusto niyang mag-stay na lang sa lungsod ang mama niya. Mas magiging convenient kasi kung dito sila mamalagi.

Subalit hindi siya masamahan ng kaibigan dahil tambak ang trabaho nito sa opisina kaya siya lamang ang nagbiyahe pabalik ng Antipolo.

Kinabukasan, nagulat si Monica nang makita siyang pumasok sa silid nito.

“O, wala ka bang pasok at nandito ka?” Hindi pala ganoon kalalim ang tulog nito kaya agad siyang naramdaman.

“Nag-file ako ng leave, Ma.” Ngumiti siya sa ina.

“Ganoon ba?”

“Opo. Ma, di ba mas maganda kung lumipat na lang tayo sa Manila? Mas malapit tayo sa mga hospitals.”

“Iyon din sana ang sasabihin ko sa ’yo na umuwi na lang tayo sa bahay. Naiinip lang ako dito.”

Ilang saglit pa siyang nanatili sa kuwarto ng ina hanggang makatulog ulit ito. Pinuntahan niya si Lorraine na naghahanda ng tanghalian nila.

“Hi,” bati niya sa dalaga na nagbe-blend ng mga

gulay; para iyon sa mama niya.

“Oh, hi! Mag-isa ka lang, Ma’am?” Tumingin ito sa likuran niya sa pagbabakasakaling kasama niya si Zyve.

“Yes, mag-isa lang ako. May work kasi si Zyve kaya hindi siya nakasama. Anyway, ’wag mo na akong tawaging ‘Ma’am’. Halos magkaedad lang naman tayo at magkaibigan kayo ni Mama. Just call me ‘Harriet.’” Tinapunan niya ng ngiti ang nurse na nagkibit-balikat lang.

“Gusto ko palang sabihin sa ’yo na iuuwi ko na si Mama sa bahay namin sa Manila. Okay lang ba iyon sa ’yo?”

“Oo naman, walang problema iyon sa akin, Harriet. Nakakainip din kasi dito. Kahit nga ang mama mo ay iyon ang inirereklamo. Alam mo na, mas higit na mainipin ang mga taong may dinaramdam.”

“Salamat. Pagkatapos mo niyan, magligpit ka na ng mga gamit mo. Ako na ang bahala kay Mama.” Tumango lang ito. Siya naman ay dumeretso sa coffee maker at nagtimpla ng kape niya. Inalok niya si Lorraine pero tumanggi ito at sinabing tapos na ito.

“May pagkain diyan sa lamesa. Ikaw na ang

bahala,” imporma nito sa kanya.

Nagpasalamat siya sa dalaga at naglakad na patungo sa lamesa.

## CHAPTER *Four*

“Hey, bro! Kumusta? Long time no see, ah!”  
“Loko mo! Kung makapagsalita ka parang ako pa ang may kasalanan kung bakit ang tagal nating hindi nagkikita. Ano, nagsawa ka na ba sa mga chicks mo at napadpad ka dito?” natatawang tanong niya kay Carl.

Kaibigan niya ang lalaki simula college at hanggang sa magtapos sila ay magkasama sila. Halos alam na nila ang likaw ng bituka ng bawat isa. Magkaiba man sila ng paniniwala ay hindi iyon dahilan para hindi sila magkasundo.

“Nilayasan kasi ako ni Thea. Four days na ang nakakaraan, pero hanggang ngayon hindi ko pa rin mahanap ang babaeng ’yon!”

“Baka ayaw na talaga sa ’yo?”

“Mahal niya ako at mahal ko rin siya. Hindi naman kami magtatagal kung hindi ko siya mahal.”

“Kung mahal mo, magtitino ka na sana. Hindi ’yong kabi-kabila pa rin ang chicks mo. At saka kung seryoso ka kay Thea, sana pinakasalan mo na. Dalawang taon na kayong nagsasama kaya hindi mo masisisi ’yong tao kung nagsawa na at napagod na sa kakahintay,” sermon niya sa kaibigan.

“Handa na sana akong iwan ’yong dalawa at pakasalan na nga si Althea kaso nilayasan ako.”

“Akalain mo ’yon, dala-dalawa pa pala ang reserba mo. Bilib na talaga ako sa ’yo!”

“Ang hirap naman kasing mamili sa kanila. Lahat sila nakakapanghinayang na iwan,” himutok ni Carl.

“Sa ginagawa mo, sinasaktan mo lang sila at ginagawa mong makasalanan ang sarili mo. Magbago ka na, p’re!”

“Kaya nga nandito ako para magpatulong sa ’yo na hanapin si Althea.”

Umiling-iling lang si Zyve dahil nakikita niya ang nakakaawang hitsura ni Carl. Desperado na talaga itong makita ang kinakasama. Gusto na tuloy niyang maniwala na seryoso ito kay Althea.

Paglabas niya ng opisina ay dumeretso na si Zyve



sa bar na paborito raw tambayan ni Althea ayon kay Carl. Naalala niya bigla si Harriet. Dito rin kasi madalas ang babae noong panahong nagwawala ito dahil sa pagtatampo sa ina at ngayon mukhang takot nang bumalik doon ang kaibigan.

Kanina pa niya sinusuyod ang paligid, pero hindi man lang niya makita kahit anino ni Althea. Mukhang nagkamali yata si Carl na rito nga naglalagi ang babae.

“Nakita mo na ba?” tanong niya. “Wala rito.”

“Uminom na lang tayo. Mukhang hindi na talaga magpapakita sa akin si Thea.” Sunud-sunod ang order ni Carl ng alak kaya hindi nakakapagtakang mabilis itong nalasing. Nag-umpisa na itong magkuwento ng love story nito at ni Althea. Mayamaya ay napansin niyang sumisinghot ang lalaki. Tama ang hula niyang umiiyak ito.

“Umuwi na tayo, Carl.” Inakay niya ang kaibigan na agad ding sumunod. Hindi niya alam kung matatawa or maaawa siya sa hitsura nito. Para itong basang sisiw na lulugo-lugo. Tinamaan talaga ang lalaki ng pana ni Cupido.

“Baka naman pagkatapos nito, balik ka ulit sa dating gawi.” Nilingon ni Zyve ang kaibigan na pinatuloy niya sa guest room nila. Nakatitig ito sa

kisame. “Gusto mo ba ng kape?”

“Hindi na. Itutulog ko na lang ’to.”

“O sige. Lalabas na ako.” Hindi umimik ang lalaki kaya lumabas na siya ng kuwarto.



“Hindi pa pala kita napapasalamatan. Thank you sa pag-aalaga sa mama ko. Salamat sa mga panahong ikaw ang karamay niya,” nakangiting sabi ni Harriet kay Lorraine minsan kinausap niya ito.

“Trabaho ko iyon at higit sa lahat, napakabait ng mama mo noong nasa US pa kami. Siya ang tumayong kapamilya ko doon habang nangungulila ako sa mga magulang ko. Kaya nga nagtataka ako noong nalaman ko na hindi kayo okay.

“Alam mo bang ikaw ang sinisisi ko kung bakit nangungulila siya sa isang anak? Ang bait-bait niyang klaseng tao, pero tiniis mong hindi siya kausapin nang ilang taon. Sorry kung pinaghihimasukan ko ang personal na buhay ninyong mag-ina. Nasasaktan lang ako kasi saksi ako noong mga panahong nananabik sa ’yo si Tita Monica,” malumanay na saad ng nurse.

“Naiintindihan kita. Alam ko naman na kasalanan ko. Masyado akong nagmatigas sa kanya noon. Kung kaya ko nga lang na ibalik ang panahon

para bawiin 'yong mga panahong hindi kami magkasama.” Malungkot na napaupo si Harriet.

Hinawakan siya nito sa balikat. “Maikli na lang ang buhay na iyong ina. Kaya sulitin n’yo na.”

Kinabukasan ng gabi ay naging bisita nila si Zyve. Malapad ang ngiti niya habang pinagmamasdan ang lalaki na umiibis sa sasakyan nito. Nandoon siya sa tapat ng bintana sa second floor ng bahay nila.

Natuon ang pansin niya sa bitbit nitong bulaklak. Sinalubong ito ni Lorraine at nawala ang matamis niyang ngiti nang iabot nito sa babae ang dala nitong bulaklak. Bigla siyang nakaramdam ng tila pinong kurot sa puso niya. Akala pa naman niya ay para sa kanya iyon. Hindi agad siya bumaba kahit alam niyang nasa loob na ng bahay ang lalaki. Pinalipas niya muna ang halos ten minutes bago pumanaog.

Pagbaba niya ay natagpuan niya ang dalawa sa kusina. Masayang nagkukuwentuhan ang mga ito.

“Hi,” bati agad sa kanya ni Zyve, pero isang matipid na ngiti lang ang iginanti niya rito.

“Kumain na ako dito. Tapos na raw kasi kayong kumain.”

“Maaga kaming kumain ni Lorraine.”

“Masarap 'tong kaldereta. Ikaw daw ang nagluto, sabi ni Lorraine.”

“Thanks! Sige, maiwan ko na kayo at mukhang nakakaistorbo ako.” Hindi na niya hinintay na sumagot ang binata. Mabilis na siyang lumabas ng kusina.

Maingat niyang pinihit ang seradura ng pinto ng kuwarto ng mama niya. Alam niyang sa ganitong oras ay tulog na ito. Naririnig pa niya ang mahinang hilik nito.

Dumeretso ang tingin niya sa flower vase at alam niyang ang bigay ni Zyve na bulaklak kay Lorraine ang nakalagay roon.

Hinila niya ang upuang naroon papunta sa gilid ng kama at umupo. Pinakatitigan niya ang ina na kahit walang bahid ng makeup ay makikitang napakaamo pa rin ng mukha. Ginagap niya ang kaliwang kamay nito at dinala iyon sa kanyang mukha.

“I miss you, Ma. Sobrang miss na miss kita. Sorry sa lahat ng kasalanan ko sa 'yo. Sorry kung hindi ko naiparamdam sa 'yo kung paano maging isang mabuting anak. Mahal na mahal kita, Ma.

“P'wede bang 'wag mo muna akong iwan? P'wede bang manatili ka muna sa tabi ko kahit sandaling panahon lang? Kapag naiparamdam ko na sa 'yo kung gaano ka kabait at kabuting ina saka

mo na ako iwanan, please?

“Noon, ilang beses kong sinabi sa sarili ko na kaya ko kahit wala ka. Kaya ko kahit hindi ka na bumalik kasi sanay na sanay na ako na paulit-ulit mo na lang iniwan. Sobrang nasaktan ako na mas pinili mo ang mangibang-bansa kesa nandito ka lang at kapiling ako.

“Pero alam mo, Ma, kung ano ’yong pinakamasakit? Iyong hindi mo man lang ipinaglaban ang karapatan mo kay Papa. Ang bilis mo siyang ipinamigay kay Tiya Cedes,” Naramdaman niyang pinisil ni Monica ang kamay niya kaya mabilis niyang pinunasan ang nalaglag na luha. “Mabuti pa si Tiya Cedes, kahit wala siyang karapatan, pinanindigan niya ’yong pagmamahal niya kay Papa.”

“Kristina...”

“Paano mo kinaya iyon, Ma?”

“Anak, may mga bagay na kahit masakit ay kelangan mong ipaubaya. Mas lalo akong masasaktan kung susumbatan ko ang iyong ama noon kasi alam kong babalik lang din sa akin ang lahat ng sisi. Hindi kasalanan ng iyong ama kung naghanap siya ng iba. Lagi akong nasa malayo. Lalaki lang ang iyong ama, anak. May pangangailangan siya, at ang pangangailangan na iyon ay hindi ko kayang ibigay.”

Halata sa boses ni Monica na naalimpungatan ito.

“Pero may pangangailangan ka rin naman, ah.”

“Hindi masamang magparaya, anak. Hindi masamang sumuko kung kinakailangan.”

“Kaya ba pati ako isinuko n’yo?”

“Ikaw lang ang hindi ko isinuko, anak. Kasi habang-buhay kong ipapangalandakan na anak kita. Kahit nasa malayo ako noon ay alam ko ang lahat na nangyayari sa ’yo. Matulog ka na.” Pinagpag ng mama niya ang kaliwang bahagi ng higaan nito.

“Tabi tayo, Ma?” tuwang-tawa na tanong niya sa ina na may namimintanang luha sa mga mata.

Matipid ang ngiting tumango ito. Dahan-dahan siyang humiga sa tabi nito saka yumakap dito.

“I love you, Mama,” bulong niya bago ipinikit ang mga mata.

Ang sarap-sarap sa pakiramdam na muli ay nayakap niya ang kanyang ina. Pitong taon lamang siya noong huling mayakap ito. Simula noon ay madalang na itong umuwi ng bansa, subalit regular naman ang padala nitong pera na si Lola Betty niya ang tumatanggap. Alam niyang kahit malayo si Monica ay hindi sila nito pinabayaan pagdating sa financial support.

At dahil bata pa siya noon ay hindi niya

naintindihan kung bakit kailangan nitong lumayo. Ang pagtatampong iyon ay nadala niya hanggang sa kanyang pagdadalaga na nauwi sa pagrerebelde.



Alas siete kinabukasan nang marinig niyang may kumakatok at mayamaya ay dahan-dahang bumukas ang pinto. Si Lorraine iyon.

“Good morning,” mahinang bati sa kanya ng dalaga.

“Morning, too.” Humikab pa siya. “Tulog pa ba?” Inginuso nito ang mama niya. Tumango siya.

“Himala! Ang haba ng tulog niya ngayon. Kadalasan kasi alas cinco pa lang ng madaling-araw ay gising na siya.” Nilapitan ni Lorraine ang mama niya at inililis nito ang kumot hanggang baywang. “Seven-thirty, dapat nakainom na siya ng gamot. Kaya kelangan na niyang gumising.”

Pinagmasdan niya ang babae at mayamaya ay natigilan ito kalakip ang pamumutla. Paulit-ulit nitong pinulsuhan ang mama niya, pagkuwa’y umiiling na humarap ito sa kanya.

“Wala na siya, Harriet.”

Tila umikot ang buong paligid niya pagkarinig sa sinabi ng nurse. Hanggang sa maramdaman niya ang pag-agos ng luha sa pisngi niya. Ayaw niyang

tanggapin na wala na ang kanyang ina. Ang saya pa nilang nag-usap kagabi. Huling pag-uusap na pala nila iyon. Ang pamamaalam ng ina ay idinaan lang sa masayang kuwentuhan.

Niyugyog niya ang katawang wala nang buhay. “Gumising ka, Ma! Gumising ka! Hindi ka pa patay! Natutulog ka lang, di ba?” atungal niya.

Mayamaya ay sumugod si Zyve sa kuwarto, narinig marahil nito ay ingay nila. Napatingin ito kay Monica at naunawaan ang ibig sabihin ng pag-iyak ni Harriet.

“Kelangan na siyang ayusin,” malumanay sa saad nito.



Ibinurol nila sa isang chapel ang kanyang ina. Dumating ang lahat ng kamag-anak nila galing sa probinsya.

Makalipas ang libing ng mama niya ay lumapit sa kanya ang Tiya Cedes niya.

“Tanggapin mo ito, anak.” Iniabot nito sa kanya ang maliit na puting sobre.

Agad niyang binuksan iyon at nagulat siya sa nakasaad na halaga na nakasulat sa tseke na nakapaloob. Napatingin siya sa madrasta, “Tiya, ano’ng ibig sabihin nito?”



“Iniwan ’yan ng ama mo bago siya pumanaw. Hindi ko iyan inabot sa ’yo noon dahil alam kong may tampo ka sa kanya at sigurado akong hindi mo iyan tatanggapin.”

“Pero, Tiya, mas higit n’yong kelangan ito. Nag-aaral pa po si Hope, di ba? Gamitin n’yo po ito para sa kanya.” Inabot niya ang kamay ng biyuda at ipinaloob sa palad nito ang sobre. “May malaking halaga po na iniwan sa akin si Mama. Mag-isa na lang po ako at may trabaho kaya mas kelangan n’yo iyan.”

“Pero, anak, may naiwan naman ang iyong ama para sa mga kapatid mo.”

“Sige na, Tiya, magtatampo ako sa ’yo kapag ibinalik n’yo iyan sa akin.”

“Naku, maraming-maraming salamat, Kristina! Alagaan mo ang sarili mo. ’Wag mong masyadong isipin ang pagkawala ng iyong ina. Magkasama na ulit sila ng iyong ama. Alam kong magiging masaya na sila.”

Nakangiting tumango ang dalaga.

“Mag-iingat ka palagi dito. Kelangan ko nang umuwi at may pasok ang mga kapatid mo. Kapag may problema, ’wag kang magdalawang-isip na tumawag.”

“Mag-iingat po kayo, Tiya.” Mahigpit niyang niyakap si Cedee bago ito sumakay ng taxi na maghahatid papunta sa terminal ng bus.

Marahang itinulak ni Harriet ang dahon ng pinto sa kuwatro ng mama niya. Madilim iyon. Malungkot. Walang ipinagkaiba sa nararamdaman niya. Hungkag na hungkag. Binuksan niya ang ilaw.

Nagbago ang hitsura ng kuwatro dahil sumilay ang munting liwanag na nagmumula sa dim light, subalit ang nararamdaman niyang kalungkutan ay lalo lang tumindi. Umupo siya sa kama at niyakap ang unan na naroon.

“I miss you already, Ma.” Hindi na niya napigil ang kanyang emosyon.

Tumayo siya at binuksan ang closet ng kanyang ina. Tumambad sa kanya ang mga mamahaling gown nito na halos bigay lang lahat ng mga sponsors noong madalas itong sumali sa beauty pageant. Treasure keeper ang mama niya. Marunong itong magtago ng mahahalagang bagay, pero ang pagmamahal nito sa papa niya noon ay hindi nagawang pahalagahan.

Isang umaga ay naging bisita niya si Zyve.

“Okay ka lang ba?” agad na bungad sa kanya ni Zyve. Napansin marahil nito na nanlalalim ang mga mata niya.

“Okay lang ako.”

“Natutulog at kumakain ka pa ba? Mukhang pinapabayaan mo na ang sarili mo.” Agad siyang yumakap nang mahigpit sa lalaki na ikinagulat nito.

“Zyve, I need you.” Panay naman haplos nito sa likod niya. Marahan siyang kumalasa sa kaibigan at nakipagtagisan ng titig dito.

“Harriet—” Bago pa man nito maituloy ang sasabihin ay inilapat na niya ang mga labi sa bibig nito. Natigilan ito at akma sanang kakalasa, subalit mas idinikit niya ang katawan dito. Mayamaya ay kusang gumalaw ang mga labi ng binata. Ang simpleng dampi ng mga labi nila ay nauwi sa marubdob na halik. Tila may hinahanap iyon.

Napasinghap si Harriet at na-realize kung ano ang ginagawa nila. Mabilis siyang napaatras. “No! This is wrong. I’m so sorry.” Gusto niyang itago ang sarili sapagkat hindi niya alam kung paano pa haharapin si Zyve. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Hindi niya maintindihan ang sarili.

Naabutan siya nito na naghihilamos sa lababo.

“Harriet, I’m so sorry. Hindi ko iyon sinasadya.”

Mabilis niyang binago ang emosyon. Pinunasan ang luha, inihanda ang mapait na ngiti at matapang na sumagot sa kausap.

“That was my fault. Ako ang nag-initiate, gumanti ka lang. Kalimutan na lang natin.”

“Pero bakit mo ginawa?”

“Hindi ko alam. Hindi ko alam kung ano ang nangyayari sa akin. I need you, Zyve, kahit ngayon lang. Samahan mo ako dito, please?”



“Doon ka titira kay Harriet? Damien, sigurado ka ba sa desisyon mong iyan?” litong-lito na tanong ni Susan sa panganay. Alam ng mama niya na kapag nagdesisyon siya ay walang makakabali niyon.

“Hayaan mo na siya, Susan. Beinte-ocho na ’yang panganay mo, hanggang ngayon ginagawa mo pa ring bata,” ani Papa Ronaldo niya.

“Nag-iisang lalaki ’yan at anak ko siya kaya natural lang sa akin ’yong mag-alala bilang ina,” pangangatuwiran ng ginang sa asawa.

“Ma, she needs me.”

“Hanggang kelan? Siguraduhin mo lang na hindi ka magsisisi diyan sa ginagawa mo.”

“Ma, narinig mo naman ang sinabi ni Papa, di ba? Matanda na ako at alam ko na ang ginagawa ko.”

“O siya, s’abi mo, eh. Basta mag-iingat ka. Kapag ang puso ang napahamak, mahirap iligtas ’yan,” makahulugang sambit nito.

---

“Ma!” Pinanlakihan niya ng mga mata ang ina.  
“Sige na, lumakad ka na.”

Nasa bahay na siya ulit ni Harriet. Napahinga siya nang malalim. Hanggang ngayon ay hindi pa rin alam ni Zyve kung tama ba itong ginagawa niya. Pero pagdating kay Harriet ay nagiging tama lahat ng bagay para sa kanya. Lahat ay gagawin niya para sa babae. Nagawa na niyang isakripisyo ang buhay noong iligtas niya ito at gagawin niya pa rin kung kinakailangan.